

Price freeze imposed over NCR, Cainta, 5 provinces

A price freeze is now in place in Metro Manila, five other provinces, and Cainta, Rizal after the declaration of a state of calamity.

Bataan, Batangas, Bulacan, Cavite, and Oriental Mindoro were also placed under a state of calamity on Thursday, Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Benhur Abalos announced.

On Wednesday evening, Cainta Mayor Elenita Nieto put the municipality in the same status, after the Metro Manila Council decided to put the entire National Capital Region under a state of calamity due to the impact of the inclement weather.

The Department of

Trade and Industry (DTI) reminded stakeholders that a price freeze is automatically imposed on basic goods upon the declaration of a state of calamity.

The DTI also posted the prevailing prices of basic necessities.

Prices range from PHP5 to PHP17 for 350 ml to 500 ml bottled water; PHP15.40 to PHP27 for 1-liter bottled water; and from PHP50 to PHP88 for 6- to 7-liter bottled water.

A 400- to 600-gram loaf of bread, as of July 24, costs from PHP40.50 to

PHP8, while 250 grams to 300 grams of pandesal cost a low of PHP23.50 and a high of PHP54.

Prices of 155-gram canned sardines range from PHP13.40 to PHP25.50, depending on the brand.

Prices of black coffee and 3-in-1 mix range from PHP4.10 to PHP84.50, depending on the brand and weight.

A 55-gram pack of instant noodles costs PHP7 to PHP10.65.

Depending on the brand and size, the prices of

Turn to page 5



Congressman Roy M. Loyola



TAPAT SA BAYAN. TAPAT SA USAPAN.

CAVITE CAREER CARAVAN
 JULY 19, 2024 | CARMONA, CAVITE
WWW.CAVITEGOV.PH - WWW.DONVICREMULLA.COM

Cavite Career Caravan in Carmona City



Kiddie Power Class para sa malusog na pangangatawan ng batang Imuseño

Naging masaya ang pagkatuto ng 25 batang Imuseñong edad tatlo hanggang anim na taon ukol sa malusog na pangangatawan sa handog na Kiddie Power Class ng Imus City Health Office noong Biyernes, Hulyo 19, 2024, na ginanap sa Imus Youth Center, Imus Pilot Elementary School.

Ibinahagi ni Teacher Katrina Grimaldo, SPED teach-

er ng Bethany Bible Baptist Academy, ang kahalagahan ng pagkain ng masusustansyang pagkain sa pagsasalaysay ng storyang "Makulay na Buhay ni Lilay."

Pinaunahang naman nina Teacher Bettina at Danielle Arrojo, good news class teachers ng Bethany Bible Baptist Church, ang interactive learning sa pamamagitan ng pagkanta, pagsayaw, at

paglaro ng puzzle at memory games.

Handog din ng programa ang libreng dental checkup mula kina Dr. Dong Parnala at Dr. Sherryll Calderon. Nakatanggap din ng dental kit at nutritional loot bags ang mga kalahok.

Nakisaya rin sina City Nutrition Action Officer Dr. Ferdinand Mina at City of Imus Youth Affairs Office Officer-in-Charge Jericho Reyes.

Ang Kiddie Power Class ay bahagi ng pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang 50th Nutrition Month na may temang "Sa PPAN (Philippine Plan of Action for Nutrition): Sama-sama sa Nutrisyong Sapat Para sa Lahat!" Kinikilala ng Presidential Decree No. 491, s. 1974, o Nutrition Act of the Philippines ang buwan ng Hulyo bilang Nutrition Month.

In a remarkable display of collaboration and community support, the Cavite Career Caravan, held at the Carmona Community Center on July 19, 2024, was a resounding success. This event was organized by the Office of the Provincial Public Employment Service Manager, under the leadership of Ms. Rizalie Pinpin-Enero, and the Provincial SK Federation, led by Honorable Chelsea Sarno. It was held in partnership with the City Government of Carmona and the City Public

Employment Service Office and attracted 245 jobseekers from CarSiGMA district.

Esteemed officials such as Congressman Roy M. Loyola, Mayor Dahlia Loyola and the city council attended the Cavite Career Caravan, demonstrating their unwavering support for both the job fair and the community.

Various national government agencies were also present at the event, including SSS, Pag-IBIG, PhilHealth, NBI, PSA, PNP,

Turn to page 5

CAVITE NGAYON

VEN L. ZOLETA
+Founder

BAYANI N. ZOLETA
Publisher/Editor-in-Chief
ELIZABETH S. ZOLETA
Office Manager
HELEN N. ZOLETA
Comptroller

ELEONOR S. BANAD PAULA S. ZOLETA
Advertising

LOLITZ ESTRELLADO
Editor

Advertising Rates
P160.00 per col.cm
P200.00 per col.cm
Subscription Rates
P180.00 6 months
P360.00 1 year

Legal Notices
Commercial Ads

OFFICIAL WEBSITE:
www.cavitengayon.com

Office Address:
271 Virata Subd., Palico 3, Imus, Cavite
Cellphone Nos. 0969-0102911; 0916-3008472
and 0939-5282046
Telephone No. (02) 86870607

Cavite Ngayon is published weekly with
circulation in the cities and province of Cavite.

MEMBER:




EDITORIAL

GAT APOLINARIO MABINI...

Noong Martes, Hulyo 23, 2024 ipinagdiriwang ng sambayanang Pilipino ang ika - 160 anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Apolinario Mabini, ang Sublime Paralytic o Dakilang Lumpo, na isa sa mga pinagpipitaganang bayani ng bansang Pilipinas. Siya ay isinilang sa Brgy. Talaga, Lunsod ng Tanauan noong Hulyo 23, 1864. Si Mabini ay isa sa mga ipinagmamalaki at ikinararangal na bayani ng bansa. Sa kabila ng kanyang kapansanan, malaki ang kanyang papel na ginampanan sa himagsikan na siyang naging daan upang makamit ang hinahangad na kalayaan. Si Mabini ay itinuturing na siyang Utak ng Himagsikan. "Apolinaryo Mabini or Ka Pule, is an outstanding icon of the persons with disabilities (PWDs). Through his great deeds for the country, his disability was not a hindrance in achieving his dream of freedom for all Filipinos.

Ang buhay at pakikibaka o paglaban para sa Kasaysayan ni Mabini ay isang bukas na aklat sapagkat siya ay bahagi ng kasaysayan. Muli, ipinaaalala sa lahat na hindi dapat kalimutan ang kanyang naiambag sa kalayaang tinatamasa ng lahat sa kasalukuyan. Ipakilala at ipaalala siya, gayundin ang iba pang mga bayani ng bansa, sa lahat ng mga kabataang tila nakakalimot na at hindi na batid ang kasaysayan.

Si Mabini at ang iba pang mga bayani na lahing Pilipino ay dapat maging inspirasyon ng lahat. Sa kasalukuyan ay ipinagdiriwang din ang National Disability Prevention and Rehabilitation Week. Na ang focus ay ang kapakanan at fundamental rights and freedom ng mga PWDs na itinatakda ng mga umiiral na pandaigdigang batas at mandato ng bansa. Si Mabini ay isang PWD, subalit tila mas malaki pa siya at normal kaysa sa mga taong walang kapansanan dahil sa kanyang kabayanihan. Kaya ang mga PWDs ay igalang natin, huwag maliitin, sila ay dapat igalang, mahalin at tulungan.



PhilHealth NEWS
Your Partner in Health

Miyembro wagisa ePhilHealth sa GovPH app

Isang malaking hakbang tungo sa Digitalization Transformation ang ginawa ng PhilHealth sa pamumuno ni President and CEO Emmanuel R. Ledesma, Jr. kung saan pwede nang ma-aaccess ng mga miyembro ang kanilang profile, beneficiaries, contribution, payment at claims history at higit sa lahat, ang enhanced primary care benefits na Konsulta Package. Pwedeng ma-download ang eGOV app sa Play Store o App Store para ma-access ang mga naturang serbisyo. Sa pakikipagtulungan sa De-



partment of Information and Communications Technology (DICT) kasama ang iba't-ibang ahensya ng gobyerno, madali at mabilis nang makukuha ang serbisyo ng gobyerno. Alinsunod ito sa

direktiba ni Panagulong Ferdinand R. Marcos Jr. na papabilis ng digitalization tungo sa mabuting serbisyo publiko.

Ang ePhilHealth ay pormal na nilunsad noong

Hulyo 9, 2024. Inaanyayahan ang mga miyembro, mga partner hospitals, employers, Insurance Organizations, IT Service Providers at App Developers na sama-samang suportahan ang programang ito para magandang pagbabago tungo sa Bagong Pilipinas,

Kasama sa paglunsad ng ePhilHealth system ay sina (L-R) PhilHealth Executive Vice President and Chief Operating Officer Atty. Eli Dino Santos, PhilHealth Chief Information Officer Jovita Aragona, PhilHealth President and CEO Emmanuel R. Ledesma Jr., DICT Secretary Ivan Uy at DICT Undersecretary David Almirol, Jr.

Caritas PH working with dioceses to help flood victims

MANILA – The humanitarian arm of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) is closely coordinating with dioceses and archdioceses to determine the necessary assistance to be given to those affected by widespread floods due to Super Typhoon Carina and the enhanced southwest monsoon.

"Caritas Philippines is dedicated to providing immediate relief. We're working closely with dioceses to ensure swift delivery of aid to those most in need. Caritas Philippines' humanitarian team is coordinating the monitoring activities with the different diocesan social action centers

(DSACs) including their situation and local responses," the group said in a statement Thursday.

Aside from providing concrete assistance, the group also intends to provide moral support to those affected by the calamity.

"We stand in solidarity with affected families, striving to bring them comfort and hope in the wake of this disaster," it said.

At the same time, the Church organization is appealing to the public for their financial support.

"This morning, the call for donations has been circulated to the Social Action Network and the public," it added.

Turn to page 5

TULOY-TULOY NA TULONG SA MGA RESIDENTENG APEKTADO NG BAGYONG CARINA, HABAGAT

Aabot na sa kabuuang P2.49 milyong halaga ng family food packs ang naipamahagi ng Department of Social Welfare and Development Region IV-A para sa mga kababayan natin sa iba't ibang bahagi ng Calabarzon na naapektuhan ng Bagyong #CarinaPH.

Batay sa monitoring ng DSWD IV-A, aabot sa 13,136 ang bilang ng mga pamilyang apektado ng bagyo sa 53 lokal na pamahalaan sa rehiyon. Sa ngayon, may kabuuang 11,426 na pamilya ang nananatili sa loob ng 251 evacuation centers na pinamamahalaan ng

mga lokal na pamahalaan. Patuloy naman ang koordinasyon ng DSWD IV-A sa mga lokal na pamahalaan upang tiyakin na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga naapektuhang pamilya. Tinitiyak din ng DSWD IV-A ang kahandaan

ng standby funds at relief items para maipagkaloob sa mga naapektuhang pamilya kapag may hiling na augmentation mula sa kanilang mga LGU.

Provincial Government of Quezon, visited Cavite for a benchmarking activity

The Cavite Quality Management Office (CQMO) warmly welcomed the delegates from the Provincial Government of Quezon, led by Mr. Alberto S. Bay Jr. during their visit to the province for a benchmarking activity, on July 18, 2024, aiming to enhance their operations and services.

The activity commenced with a short program at the Session Hall of the Legislative Building for the formal introduction of the participants. Cavite AVPs were presented for the visitors to have a glimpse of what Cavite is, and what it has to offer.

Ms. Michelle F. Alcid, Provincial Board Secretary and Quality Management Representative, proudly spoke of the PGC's ISO Certification journey and how it became the first provincial government in the entire country to be ISO certified in 2012.

Also, during the course of the activity, the delegates had the opportunity to seek information regarding the practices implemented in the provincial government to maintain the quality and continually enhance its services, which was infor-



matively answered by Ms. Anne Minette Dastas, Ms. Alcid, Mr. Jovani Cuadra, Mr. Niko Montenegro and Ms. Gladys Pangilinan. Afterwards, the delegation vis-

ited the various offices to see firsthand and understand the tools and practices utilized within the PGC.

In closing, the CQMO employees handed

out a token to the representatives, consisting of various Cavite products, as a gesture of appreciation for visiting the province.--- Jam Elisse M. Reyes

BPMC roll its wheels to Calabarzon, MIMAROPA and Bicol Regions

To mark a significant step towards a healthier Philippines, the Cavite province, under the leadership of Governor Jonvic Remulla, was given the privilege to host the Turnover Ceremony and Distribution of Bagong Pilipinas Mobile Clinics (BPMC) to 16 provinces of

Regions IV and V at Taal Vista Hotel, Tagaytay City, on July 17, 2024.

The event was initiated by the First Lady of the Philippines, Atty. Liza Araneta Marcos, through the Department of Health, as a response to the much-needed medical care of the Fili-

pinos, especially those in the underserved communities and remote areas.

These BPMC vans are equipped with machines and apparatus to bring vital healthcare services closer to the constituents. The services include X-ray, Ul-

Turn to page 5

DSWD FAMILY FOOD PACKS, INIHATID SA CAVITE



Higit kumulang na 1,600 Family Food Pack ang inihatid ng Department of Social Welfare and Development IV-A (DSWD Region IV-A) para sa mga pamilyang naapektuhan ng bagyong Carina sa Cavite City at Rosario noong Miyerkules, Hulyo 24.

Patuloy namang nakikipag-ugayan ang tanggapan sa mga lokal na pamahalaan para da paghahatid ng tulong sa mga apektadong pamilya sa buong rehiyon, lalo na ang mga inilikas dahil sa pagbaha.

DENR pushes for development...p4

power project that broke ground on June 4, promises a stable electricity supply at competitive prices, reduces dependence on fossil fuels, and contributes to the government's renewable energy target of 50 percent by 2040. (PIA Rizal)

Adding to their efforts, Tamoria proudly presents the CALABARZON region as the pilot site for Project TRANSFORM, or Transdisciplinary Approach for Resilient and Sustainable Communities, a local government unit-led multi-stakeholder partnership model that aims to engage local governments in Environment and Natural Resource (ENR) governance.

"The initiative underscores the President's instruction to strengthen the enforcement of environment and natural resources-related laws, especially those functions devolved to local government units in coordination and cooperation

with concerned government agencies and private stakeholders. CALABARZON is fortunate to have been chosen as a pilot site for the implementation of Project TRANSFORM, alongside Surigao del Norte and Batangas," he said.

Tamoria added that the department's initiatives and support for these projects demonstrate the region's leadership in advancing renewable energy solutions, supporting the Philippines' overall renewable energy targets and environmental goals that align with the Marcos Jr. administration's 8-point agenda for affordable and clean energy.

"As the President said, renewable energy is the way forward. Seeing the many benefits and opportunities of renewable energy projects in the region, we can expect more companies to be interested in this venture in the coming years," Tamoria stated. (AM, JM/PIA-4A)



CAVITE NGAYON



TAGASULONG SA KAUNLARAN

YEAR 43 NO. 8 ISSN NO. 2619-8533

JULY 29-AUGUST 4, 2024

P10.00 PER COPY

32 local farmers mula sa Calabarzon, nagsipag-tapos para sa LFT

Tatlumpu't dalawang (32) local farmer technicians (LFT) mula sa iba't ibang bayan sa CALABARZON ang nagtapos sa pangalawang batch ng Refresher Course for Local Farmer Technicians ngayong taon na may titulong "Empowering Local Farmer Technicians (LFTs): Scaling Up with Strategic Rice-Based Farming and Diversification Technologies."

Nagsimula ito noong ika-22 ng Hulyo

hanggang ika-26 ng Hulyo, 2024 sa DA-ATI CALABARZON, Brgy. Lapidario, Trece Martires City, Cavite, sa pangunguna ng Partnerships and Accreditation Section (PAS).

Katuwang sa paghahatid ng pagsasanay ang DA Regional Field Office (RFO) IV-A, Philippine Rice Research Institute-Los Baños (PhilRice-LB), Cavite Center for Mental Health, Philippine Commission on Women (PCW), gayundin

ang Agrie's Integrated Natural Farm at Kititay's Farm na mga Learning Site for Agriculture ng DA-ATI CALABARZON sa Magdalena, Laguna.

Sa pagtatapos ng pagsasanay, ibinahagi ng mga piling mga kalahok ang mahahalagang natutunan nila at kanilang pasasalamat. Nagpaabot din ng pagbati at mensahe si DA-ATI CALABARZON Asst. Center Director Sherylou C. Alfaro para sa mga kalahok.

SERVICE ADVISORY



Temporary shut down of our plants in Putatan, Muntinlupa, to allow for the insertion of a valve at the main discharge line of the Putatan Pumping Station

4 a.m. of August 5, 2024 to 6 a.m. of August 6, 2024



Bacoor City

Molino II, Molino III, Molino IV, Molino VII, Queens Row Central, Queens Row East, Queens Row West and San Nicholas III

Imus City

Pasong Buaya I and Pasong Buaya II

There might be a delay in the resumption of water service in your area. This is due to several factors such as your area's elevation, its distance from our pumping stations, and the volume of withdrawal from our mainlines.

Metro Manila - 1626
Cavite - 1800-1000-92837

m.me/MayniladWater

[@maynilad](https://twitter.com/maynilad)

CAVITE, UNDER STATE OF CALAMITY DAHIL SA BAGYO...


TRECE MARTIRES CITY - Ang buong lalawigan ng Cavite ay isinailalim na rin sa State of Calamity dahil sa matinding pinsala na idinulot ng bagyong Carina, na isa nang Super Typhoon.

Ayon sa Pangu-long Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. ipinaubaya na niya sa mga opisyal ng mga lokal na pamahalaan ang pagdedeklarang State of Calamity sa kani-kanilang nasasakupang lugar upang magamit nila ang pondong nakalaan para sa mga residente sa panahon ng kalamidad at mga hindi inaasahang nagaganap na emergency

situations.

Bagaman at ang bagyong si Carina ay nakalabas na ng Philippine Area of Responsibility (PAR) ang iniwan nitong pinsala sa ibat ibang lugar ay hindi agad-agad malulunasang totoong nangangailangan ng malaking pondo. Sa Bacoor City, sinabi ni Mayor Strike Revilla na karamihan sa mga pamilya naapektuhan ay inilikas na nila sa mga evacuation centers, subalit mayroon ding ilang pamilya na ayaw umalis sa kanilang mga bahay.

Matinding baha, pagguho, at pagwasak sa mga ari-arian sa ibat ibang



BACOO CITY Mayor Strike B. Revilla

lugar ang dulot ng bagyo hindi lamang sa Cavite Province, kundi maging sa iba pang lalawigan sa Calabarzon, Region IV-A tulad ng Quezon, Laguna, Batangas, at Rizal na ang ilang bayang matindi ang pinsala ay inilagay na rin sa ilalim ng State of Calamity.

SUPER HEALTH CENTER sa Gen Trias City, binasbasan

Dahil prayoridad ng Pamahalaang Lung-sod at ng Team GenTri ang kalusugan at kapa-kanan ng bawat Gentriseño, binasbasan at pinasinayaan ang City of General Trias SUPER HEALTH CENTER sa Sitio Elang, Barangay San



Francisco sa pangunguna ni City Mayor Luis "Jon Jon" Ferrer kamakailan.. Ang proyektong ito na naglalayong ilapit ang mga serbisyong medikal sa ating mga kababayan ay naging posible dahil sa pagtutulungan ng LGU, Provincial Government of Cavite, Department of Health, at ni Sen. Bong Go.

Turn to page 5